<table>
<tr><td colspan="3">ANTAS 1</td></tr>
<tr><td>Ikaapat na Markahan</td><td>Paksa : Ang Asya sa Kasalukuyang Panahon</td><td>Bilang ng Araw /Sesyon : 50</td></tr>
<tr><td colspan="2">Pamantayang Pangnilalaman<br>Naipamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapatatag ng pagkakakilanlang Asyano at rehiyonal na pagkakaisa sa Asya, sa kabila ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya ,kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon</td><td>Pamantayan sa Pagganap:<br>Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa ng aktibong pakikilahok sa pagpapatatag ng pagkakakilanlang Asyano sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahalagahan ng rehiyonal na pagkakaisa sa Asya, sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon</td></tr>
<tr><td colspan="2">Kakailanganing Pag-unawa :<br>Mahalaga ang pakikiisa sa pagpapatatag ng pagkakakilanlang Asyano sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahalagahan ng rehiyonal na pagkakaisa sa Asya, gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon.</td><td>Mahahalagang Tanong :<br>Paano makikibahagi sa pagpapatatag ng pagkakakilanlang Asyano sa kasalukuyan?</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nauunawaan ng mag-aaral ang :<br>Ang Asya sa Kasalukuyan Panahon<br>Isyu at Suliranin sa:<ul><li>Pagbabagong sa sistemang pulitika ng Asya</li><li>Ang kababaihan sa kasalukuyang Asya</li><li>Ang kahalagahan ng edukasyon sa mga Asyano</li><li>Relihiyon at kultura sa Asya</li><li>Ekonomiya ng Asya at ang pandaigdigang kalakalan</li><li>At iba pang napapanahong isyu ( Transnational Crime, Drug and Human Trafficking, Money Laundering, Terorismo,Mga Sigalot )</li><li>Pagtugon ng mga Asyano sa Ibat-Ibang isyu: Mga kilusan at patakarang Asyano</li><li>Kontribusyon ng Asyano sa daigdig sa iba'tibang larangan</li></ul></td><td>Ang mag-aaral ay:<ol><li>Nakapagsusuri ng mga pagbabagong isyu at suliranin sa Asya sa aspeto ng pulitika, katatayuan ng kababaihan, edukasyon, relihiyon , kultura, ekonomiya at pandaigdigang kalakalan.</li><li>Nakikiisa sa pagtugon ng mga Asyano sa ibat-ibang isyu</li><li>Nakapagbibigay-halaga sa mga natatanging kontribusyon ng mga Asyano sa daigdig sa ibat-ibang larangan.</li><li>Nakikilahok sa mga gawaing nagpapatatag ng pagkakahilanlang Asyano</li></ol></td></tr>
</table>

| ANTAS 2 | | |
|---|---|---|
| **Inaasahang Pagganap :**<br>Aktibong pakikilahok sa pagpapatatag ng pagkakakilanlang Asyano sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahalagahan ng rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon. | **Pagpapatibay ng Antas ng Pag-unawa :**<br><br>**<u>Pagpapaliwanag</u>**<br>Patunayang natamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon.<br><br>Mga kraytirya:<br>Kaangkupan ng mensahe<br>Makatotohanang paglalahad<br><br>**<u>Interpretasyon</u>**<br>Bigyang-puna ang mga hakbang/ paraan upang matamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon<br><br>Mga kraytirya:<br>Makatotohan<br>imparsyal (fair)<br>masining<br><br>**<u>Aplikasyon</u>**<br>Magmungkahi ng mga gawain paraan upang matamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon | **Sa Antas ng Pagganap :**<br>Pagtataya sa aktibong pakikilahok batay sa mga kraytirya:<br><br>Dalas ng pakikilahok<br>May katapatan<br>Kaangkupan ng mensahe |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga kraytirya:<br>Makatotohan<br>Napapanahon<br>Angkop sa paksa<br><br>**Perspektibo**<br>Timbangin ang mga gawain/ paraang ginagamit ng mga Asyano upang matamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon<br><br>Mga kraytirya :<br>Makatotohanan<br>Imparsyal (fair);<br>Kalidad ng Impromasyon<br><br>**Pagdama at pag-unawa sa Damdamin ng Iba**<br>Ilagay ang sarili bilang isa sa mga pinuno ng bansa sa Asya na nagpupunyagi upang matamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya at kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon<br><br>Mga kraytirya :<br>Makakatotohanan<br>May katapatan<br>Nagpapakita ng pag-unawa sa sariling damdamin at damdamin ng iba | |

| | | |
|---|---|---|
| | **<u>Pagkilala sa sarili</u>**<br>Magnilay sa kahalagahan ng rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya at kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon<br><br>Mga kraytirya:<br>May katapatan<br>Naglalahad ng kahinaan at<br>Kalakasan | |

**ANTAS 3**

**Gabay sa Pagtuturo - Pagkatuto ng Aralin**

**A. Tuklasin *(Explore)***

- Sa bahaging ito, aalamin ang dating kaalaman at antas ng pag-unawa at kasanayan ng mag-aaral sa mga aralin sa nakaraang markahan. Magbigay ng "*pre-assessment activity*" upang mataya ang kinakailangang kasanayan ng mga mag-aaral upang matugunan ang Pamantayang Pangnilalaman at Pamantayan sa Pagganap sa Aralin I ng Ikaapat na Markahan. Bigyang-diin din ang mga sumusunod na kasanayan:pagsusuri, pagpapaliwanag, pang-unawa sa sanhi at bunga at pagpapahalaga. Suriin ang kinalabasan ng *"pre assessment activity".*

- Ipabatid sa mga mag-aaral ang paksang tatalakayin saIkaapat na Markahan: "Pagsusuri ng kahalagahan ng Pundasyong Ideyolohikal at Kultural bilang Mahalagang Elemento sa Pagkakaisa ng Asya". Ipabatid din sa kanila ang Inaasahang Pagganap (tingnan sa antas 2) at ang krayteria kung paano ito tatalakayin.

- Pukawin ang interest ng mga mag-aaral sa paksang tatalakayin at gabayan sila na mabuo ang Mahalagang Tanong " Paano natamo ang rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon ?

- Hayaan silang makapaglahad ng mga posibleng kasagutan sa mga tanong upang maging gabay sa pagtuklas ng mga paksang dapat bigyang diin at unawain.

- Inaasahan ding lilinangin ang animna aspeto ng pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa bahaging ito hanggang sa bahaging paglalapat.

**Mga Mungkahing Gawain**

**Ipakita Ko,Gayahin Mo**





- Magpapakita ang guro ng iba't ibang larawan ng nagsisimbolo ng pagkakaisa tulad ng logo ng *ASEAN, Flying Geese Phenomenon* at iba pang larawang maaaring magsimbolo ng pagkakaisa.
- Pabuuin ang mag-aaral ng kanilang sariling pangkat at ipagaya ang napiling larawan.
  Ipakita ang mga nabuo ng bawat pangkat.
- Magsagawa ng malayang talakayan tungkol sa gawain. Gamiting gabay ang mga sumusunod na tanong:
  1. Ano ang naramdaman mo habang ginagaya ang larawan?
  2. Ano ang mensahe ng mga larawan?
  3. Bakit mahalaga ang pagkakaisa sa isang gawain ng anumang grupo o pangkat ?

**Sayawit**

Hatiin ang klase sa apat na pangkat.
Pabigyan ng sariling himig at interpretasyong sayaw ang awiting " ASEAN WAY".
Ipatanghal sa mga mag-aaral ang sayawit.
Magkaroon ng talakayan hinggil gamiting gabay ang mga sumusunod na tanong:

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano ang inyong naramdaman sa pagsasagawa ng sayawit?
2. Anong bahagi ng awit ang sa tingin mo ay nalapatan na pinakamagandang mensahe nito?
3. Angkop pa ba sa kasalukuyan ang mga naipahayag dito?
4. Bakit mahalaga isigawa ang mga aral nito ?
5. Paano mo maipapakita ang pakikisa dito?


**Award na Award !**

- Muling pabalikin ang mga mag-aaral sa dati nilang pangkat.
- Magpakita ng mga larawan ng isyu/ suliranin na nangigibabaw sa mga bansang Asyano.
- Ipatukoy sa mga mag-aaral kung saan ito makikita.
- Magpagawa ng mga sariling award negatibo man o positibo hinggil sa mga larawang ipinakita.
- Ipapaskil sa mga mag-aaral ang mga award na ito.
- Ipabuo ang mga talahanayan sa ibaba.

| Mga Larawan na nagpapakita ng isyu/ suliranin | Mga Award | Reaksyon | Hamon | Planong Pagpapaunlad |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Bubble Map**

Itala ang mahahalagang salita sa mga bula sa ibaba upang makabuo ng konsepto na maiiugnay sa Institusyong Panlipunan at magsagawa ng talakayan ukol dito.



Gabay na Tanong

1. Ano ang mga ginangampaman ng papel mga institusyon panlipunan sa mga bansang Asyano?
2. Paano mo maiuugnay ang mga papel na ito sa pagtatag ng pagkakilanlang Asyano?

**B. Pagtibayin (Firm Up)**

- Sa bahaging ito, ang guro ay nararapat na magsagawa ng iba't ibang gawain upang magkaroon ng malinaw at maayos na pagtatalakay sa aralin at matiyak na nagamit ang mga kasanayang makapagsuri, makapagpaliwanag ng pag-unawa sa mga sanhi at bunga at wastong pagpapahalaga.

- Himukin din ang mag-aaral na suriin, pag-isipan o baguhin kung kinakailangan ang mga naunang tanong, tugon o palagay. Maaari ring magdagdag ng tanong na sa palagay ay lalong nakapagpapalalim sa pag-unawa sa paksa at mapalilitaw ang malalaking kaalaman (big ideas) na mahalaga sa kanilang pamumuhay. Siyasatin tuwina ang mga palagay sa pag-unawa at suriin ang mga sagot at palagay ay tumutugon sa Pamantayang Pangnilalaman.

- Kinakailangang sa bahaging ito ay makapagbigay ng *Formative Test.*

**Mga Mungkahing Gawain**

**Pangkatang Pagsusuri**

A. Matapos mailahad ang mga paksang pag-aaralan, hahatiin ng guro ang mga mag-aaral sa apat na pangkat (4), ihahanap ng mga mag-aaral o bawat pangkat ng kasagutan sa aralin sa pamamagitan ng Pamamaraang Pasiyasat (inquiry Approach).

   a. Sasagutin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng Pamamaraang Pasiyasat ang katanungan: Paano nakatulong ang pundasyong ideolohikal at kultural sa pagkakaisa ng Asya?

   b. Ilalahad ng guro sa mga pangkat ang mga hakbang sa pamamaraang pasiyasat.

c. Ipaalala sa mga mag-aaral na sa kanilang gagawing hakbang (pamamaraang pasiyasat) ituon ito sa pagtukoy sa mga malalaki at pangunahing kaisipan (enduring concepts and ideas).

B. Ipakita sa klase ang kinalabasan ng kanilang pagsisiyasat sa pamamagitan ng pagsusulat gamit ang mga sumunusunod na gawain

- Unang Pangkat – Ipakita ang pagbabagong anyo ng mga sistemang pulitikal ng bawat bansang Asyano sa pamamagitan ng matrix

| Batayang Tanong | China | Myamar | Thailand | Malaysia | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| • Paano ito nabuo | | | | | | |
| • Ano ang ideolohiya na nagsulong sa pagbabago ng Pamahalaan | | | | | | |
| • Epekto sa pag-unlad at pagkakaisa ng rehiyong Asya | | | | | | |

- IKalawang Pangkat – naipaliwanag ang pagtataguyod at pagbibigay puwang sa karapatan ng lahat ng tao sa lipunan lalo ang mga kakabaihan, bata at marginalized sector sa pamamagitan ng isang role play.

- Ikatlong Pangkat – Pagbuo ng isang data information chart na naglalaman ng mga kaganapang nagpapatotoo sa kahalagahan ng edukasyon sa Asya.

| Bansa | Pangyayari/kaganapan | Kahalagahan |
|---|---|---|
| 1. China | | |
| 2. India | | |
| 3. Saudi Arabia | | |

**Editoryal Kartun**

Magpakita ng mga editoryal kartun na naglalarawan ng relihyon at natatanging kultura sa kasalukuyan ng mga sumusunod na bansa:

- Japan
- Vietnam
- India
- Saudi Arabia
- Pilipinas

Suriin at itala sa data retrieval chart ang mahahalagang impormasyon tungkol dito.

Ang Rellihiyon at Natatanging Kultura ng Ilang Bansa sa Asya


| Bansa | Relihiyon | Kultura |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Gabay na Tanong :

1. Alin sa mga aral ng relihiyon ang lubos na niyakap ng mga Asyano at nakaimpluwensiya sa kanilang pagkakaisa, pag-unlad at pagpapatatag ng pagkakakilanlang?
2. Paano ginamit ng mga Asyano ang kanilang kultura upang sabayan ang globalisasyon?

**Pag-aaral ng Kaso**

Suriin ang mga programang pangkabuhayan ng Japan at Pilipinas.
Paghambingin ang mga programang pangkabuhayan ng dalawang bansa sa pamamagitan ng Venn Diagram




*VENN DIAGRAM*

**Mga Gabay na Tanong**

1. Anu-ano ang mga salik nagbigay daan sa pagkakatulad ng Japan at Philipinas. Ipaliwanag?
2. Anu-anong salik ang nagbigay daan naman sa kanilang pagkakaiba?
3. Anu-anong bansa ang kahawig ng Japan at Pilipinas sa paggalaw sa ekonomiya?
4. Bakit ang ibang bansa ay hindi nagbago ang kalagayan?
5. Ano epektibong paraan upang mapaunlad ang ganitong kalagayan?

***Documentary Analysis***

Magpanood ng mga ilang dokyumentaryo na nagpapakita ng mga suliranin kinahaharap ng mga bansa sa Asya gaya ng *transnational crime*, terorismo at iba pa. Ipasuri ito.
Itala sa *T-Chart* ang mga isyu at programang isinagawa upang malutas ito.

**Hagdang-hagdang Pangarap**

Kapanayamin ang mga pinuno ng *Student Organization* sa paaralan hinggil sa mga patakarang nila pagsaayos ng paaralan at kamag-aral.
Ipalagay ang sarii sa posisyon ng mga pinuno ng mga samahang pangrehiyon sa Asya.
Magpaggawa ng SWOT Analysis para sa nasabing samahan.
Magpabuo ng hagdang-hagdang pangarap ng samahan para sa susunod na taon.

***Documentary Analysis***

Magsuri ng isang dokyumentaryo nagpapakita ng mga suliranin kinahaharap ng mga bansa sa Asya gaya ng migrasyon, transnational crime, terorismo at iba pa.
Itala sa *T-Chart* ang mga isyu at programang isinagawa upang malutas ito.

Transnational Crime

| Isyu | Programa |
| --- | --- |

Terorismo

| Isyu | Programa |
| --- | --- |

Humang Organ Trafficking

| Isyu | Programa |
| --- | --- |

Drug smuggling

| Isyu | Programa |
| --- | --- |
| | |

***Scrap Bulletin of Excellence***

Pangkatin ang mag-aaral sa apat.
Magpasaliksik ng mga larawan at *news clip* ng mga tanyag na Asyanong may kontribusyon sa daigdig.
. Magpagbuo sa mag-aaral ng mga paskilan kung saan ang mga ito ididikit.
Hayaan ang mga mag-aaral ang magdikit ng mga sulat ng paghanga sa mga ito.
Magkaraoon ng talakayan at pagbabahagi sa bawat pangkat.



***Wall of Fame***

Pangkatin ang mag-aaral sa apat.
Magpasaliksik ng larawan ng mga kilalang Asyano at ang kanilang mga natatatanging kontribusyon sa Asya.
Gumawa ng paskilan at lagyan ng titulo sa taas na *Wall of Fame.*
Ipabuo ang talahanayan sa ibaba.

**Talahanayan ng *Wall of Fame***

| Kilalang Asyano | Larangan | Natatanging Kontribusyon | Katangiang Kahangahanga | Antas ng Paghanga |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Magkaroon ng pagbabahagi ayon sa mga indibidwal na kapasyahan ng mga kapangkat.
Ipabuod ang gawa ng mga kamag-aral.
Ipaulat ang awput ng bawat pangkat.

**C. Palalimin (Deepen)**

Sa bahaging ito higit na palalimin ang pag-aaral sa nabuong kakailanganing pag-unawa sa iba pang mapaghamong mga tanong o gawain upang sila'y makapagnilay (*reflect*), muling balikan ang natutuhan na muling baguhin at mag-isip kung kinakailangan. Palalimin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga isyu o suliraning nauugnay sa mga pundasyong ideyolohikal at kultural na bagama't may pagkakaiba-iba ay hindi naging hadlang sa pagkakaisang rehiyonal ng Asya. Ihahanda ng guro ang mag-aaral upang ilapat ang kanilang natutunan sa pagsasagawa ng Inaasahang Pagganap sa bahaging Paglalapat. Bigyan din ng pagkakataon ang mag-aaral na mataya ang kanyang natutuhan at kakayahan. Magbigay ng "summative test" sa mga mag-aaral.

**Mga Mungkahing Gawain**

***Doodle* Natin**

Hatiin ang klase sa apat na pangkat at pabuuin ng doodle ng pinapangarap na kalagayan sa natalagang paksa sa pangkat. Ipaulat ang interprestasyong nabuo sa doodle ng bawat grupo.

Pangkat I: Relihiyon
Pangkat II: Pulitikal
Pangkat III: Edukasyon
Pangakt IV: Pangkabuhayan

**Sat*chat***

- Bumuo ng *triad.*
- Magpahanap ng ka *chat* na Asyano .
- Kapanayamin ang ka *chat* hinggil sa mga kontribusyon ng Asya sa daidig sa iba't ibang larangan.
- I *print* ang kanilang naging usapan.
- Bumuo ng buod at iulat sa klase.

**Aktingan**

Bumuo ng *press conference* para sa mga pinuno ng bansa ng Asya na tatalakay sa isyung may kinalaman sa *transnational crimes* kagaya ng:

- *Human trafficking*
- *Drug trafficking*

Magpabunot ng mga karakter sa mga mag-aaral na lalahok sa presscon.
Pasundan sa mag-aaral ang detalye ng kaniya-kaniyang karakter na nabunot na hindi ito ibinubunyag sa iba.
Pagampanan sa mag-aaral ang bawat karakter na hindi pinagpaplanuhan ng buong grupo.
Hayaang maging likas ang daloy ng *press conference* na malilikha ng pagganap ng bawat isa sa kanilang karakter.


***Debate***

Pagsasagawa ng debate. Maaaring pumili ng isang isyu.
Halimbawa: Pagpasyahan na ang mga mahihirap ay di gaanong nagtatamasa ng mga karapatang pantao.

***Social Analysis***

Pagsamahin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang kinabibilangang pangkat.
Papiliin ng barangay na paglulunsaran ng pag-aanalisang panlipunan.
Papipiliin at ipasuri ang isang nangingibabaw ng surilanin sa lipunan.

Halimbawa: Migrasyon



***Talk* Niya T*alk* Mo**

- Paghanapin ang mga pangkat ng dalawang ka *chat* na Asyano.
- Kumbinsihin ito na humarap sa itatakdang *video conferencing* sa harap klase.
- Magpahanda ng tig-dalawang tanong sa bawat grupo na iikot sa pag-iidolo nila sa mga kilalang Asyano.
- Gagabayan ng guro sa pagpapalalim ng tanong ang mga mag-aaral.

**D. Paglapatin (Transfer)**

Sa bahaging ito isasagawa ng mag-aaral ang Inaasahang Pagganap bilang patunay na nauunawaan niya ang aralin. Muli, balikan ang kraytirya sa pagtataya ng nasabing gawain . Ipadama/ ipakita sa mag-aaral ang kahalagahan at kaugnayan ng Inaaasahang Pagganap sa kanyang sarili, pamayanan/ bansa upang matamo ng Asya ang rehiyonal na pagkakaisa bunsod ng pagpapanatili ng sariling kultura at pagkakakilanlan sa gitna ng pagkakaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon.

**Mungkahing Gawain**

***Symposium***

Magagawa ng isang *symposium*. Bigyang diin dito ang pagbibigay-diin at pagkintal sa isipan at damdamin ng mga mag-aaral na walang balakid sa pagtatamo ng rehiyonal na pagkakaisa sa Asya sa gitna ng pagkaiba-iba ng ideyolohiya, kultura at malawakang pagbabago sa kasalukuyang panahon.

**Pangako Ko**.

Gumawa ng isang pangako ng nagsasaad na kung paano makakatulong sa pagpapanatili ng pagkakaisa at pag-unlad ng pamayanan/bansa.

**Dokyu Niyo To!**

- Papiliin ang mga mag-aaral ng isang samahang Asyano at gumawa ng dokyumentaryo tungkol dito na nagtatampok at nagtataya ng pakikiisa ng mga Pilipino.
- Ilunsad ang kaugnay na proyetko na Dokyu-Fest na magpapalabas ng mga likhang dokumentaryo.
- Bigyan ng parangal ang mga mag-aaral sa ibat ibang aspeto ng pagbuo ng isang dokumentaryo sa pamamagitan ng paglulunsad ng Araw ng Pagpaparangal.